Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG NOBYEMBRE, 2019 SA GANAP NA IKA-09:43 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ---------------- | Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHAN BLG. 67 T. 2019

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA (DEPARTMENT OF AGRICULTURE) SECRETARY WILLIAM DOLLENTE DAR SA PAMAMAGITAN NI REGION IV-A CALABARZON REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR ARNEL V. DE MESA, NG SAMPUNG (10) MOTOR PUMP UPANG MAGAMIT NG MGA MAGSASAKA SA BAYAN NG LUMBAN SA PAGPAPATUBIG NG KANILANG MGA PALAYAN**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON ay naglunsad ng *"Rice Program"* na naglalayon na pagsamahin ang mga inisyatibo at interbensyon ng pamahalaan sa pagsasaka ng palay at iba pa gaya ng: *food security and sufficiency, support services from farm to table, sustainable resource management, and broad-based local partnerships* na makakamit sa pamamagitan ng iba't ibang serbisyo gaya ng *production support,* ***irrigation development***, mga *infrastructure and post-harvest development, research and development, regulatory services, extension support and training services*;

**SAPAGKAT**, malaking bahagi pa rin ng lupang sakahan sa Bayan ng Lumban ang hindi naaabot ng kasalukuyang irrigation system kung kaya't nananatili ang mga ito na nakatiwangwang at hindi produktibo;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaloob ng ayuda sa mga magsasaka gaya ng motor pump ay may malaking maitutulong upang mapatubigan ang mga lupain at matamnan ng palay na lubhang napakahalaga sa produksyon ng pangunahing pagkain upang masapatan ang pangangailangan sa bigas sa bansa;

**SAPAGKAT**, ang hangarin na ito ay magkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng pakikipagbalikatan sa Kagawaran ng Pagsasaka na siyang may kakayahan na tumulong sa mga IRA dependent municipality gaya ng Bayan ng Lumban upang tugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka ng palay sa kanayunan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Sheyll Tablico-Gaurino at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture) Secretary William Dollente Dar sa pamamagitan ni Region IV-A CALABARZON Regional Executive Director Arnel V. de Mesa, ng sampung (10) motor pump upang magamit ng mga magsasaka sa Bayan ng Lumban sa pagpapatubig ng kanilang mga palayan;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Arnel V. de Mesa at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-18 ng Nobyembre, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt111819res67*